# RED FLAG
# Dulang May Isang Yugto

Hannah A. Leceña

*Sinopsis*

Nagdya-jogging ang magkasintahang Paul at Ana sa sunken garden, sa loob ng kampus ng UP Diliman. Sa araw na ito magpopropose sana ang lalaki sa babae. Habang sila ay nagpapahinga, magtatapat na sana ang lalaki sa kanyang nobya ngunit agad na binuksan ni Ana ang usapan tungkol sa pagkawala ng kanyang kapatid na babae na isang aktibista. Habang nag-uusap ay naungkat ang kanilang nakaraan at pinagdaanan at ang kanilang kasalukuyan. Pati ang kani-kanilang mga RED Flags. Makukuha pa kaya ni Paul na magtanong? Sasagutin kaya siya ni Ana? Can LOVE really conquer the world, even the politics?

*Tauhan*

| | |
|---|---|
| ANA | 25 taong gulang, manunulat, guro, kasintahan ni PAUL, isang guro sa pampublikong paaralan, nawawala ang kapatid. |
| PAUL | 26 taong gulang, engineer, kasintahan ni ANA |
| GWEN | 20 taong gulang, kapatid ni ANA na babae, na nawawala, isang aktibista |

*Panahon*

Post-Pandemic, kasalukuyan, kung saan nakaupo si BBM bilang pangulo ng bansa. Mahal na ang sibuyas ngunit mababa pa rin ang sahod ng mga guro at maraming nawawala habang palaki naman nang palaki ang intel funds/ confidential funds ng mga iilang ahensiya ng gobyerno habang nahaharap naman sa suliranin ang bayan tulad ng heat wave, pagtaas ng presyo ng bilihin, bagyo, sunog at patuloy na pagtaas ng suicide rate/cases sa bansa.

*Tagpo*

Sa UP Diliman, Sunken garden, umaga, araw ng Sabado.

*Magbubukas ang ilaw sa entablado. Makikita ang isang lalaki at babae na tumatakbo, makikita rin sa screen ang Sunken Garden ng UP Diliman. Maya-maya ay titigil ang dalawa, uupo sa isang bench, magpapahinga. Magpupunas ng pawis si PAUL habang si ANA naman ay nag-uunat-unat na parang nag-e-ehersisyo.*

PAUL: (*Hinihingal*) Hindi pa rin nagbabago ang lugar na ito, ano? (*Lilingunin ang paligid*)

ANA: (*Patuloy sa pag-uunat*) Ilang taon lang naman magmula noong grumadweyt tayo. Natural lang na hindi ganoon kabilis ang pagbabago. At ito pa rin ang pinakapaborito kong lugar sa buong kampus. Bukod sa Palma hall at sa Oblation.

PAUL: (*Magpupunas ng pawis*) Syempre. Daming nangyari rito e. Dito tayo unang nagkita.

ANA: Dito kita unang nilapitan para i-recruit.

PAUL: Dito rin ‘yong unang star gazing. Unang date. Dirty ice cream lang masaya ka na.

ANA: Dito ko unang naramdaman ang paglaya.

PAUL: Wow. Ang lalim. Singlalim ng sunken.

ANA: Baliw.

PAUL: Sa ‘yo. (*Ngingiti*) Limang taon. Mag-aanim na taon na rin tayo Babe. (*Titingnan si ANA nang matagal*)

ANA: Akalain mo ‘yon? (*titingin sa malayo*) Pinatagal natin nang ganoon kahaba.

PAUL: MU tayo noon e. Tapos sinagot mo lang ako no’ng graduation na. So mahaba-haba rin ang paghihintay ko.

(*Tatawa*)

ANA: (*Lilingunin si PAUL*) Bakit ka nga ba naghintay ng ilang taon?

PAUL: Dami mong extra-cur activities, e. Dami mong sideline.

ANA: Kung hindi ka nagshift, baka after one year sinagot na kita.

PAUL: Pero hindi mo rin ako binasted diba?
Syempre, ako na 'to e. (*Mapapahimas sa bigote*)

ANA: Ayan ka na naman sa pagbubuhat mo ng bangko. (*Mapapailing*) Ang sabihin mo wala ka nang makikitang tulad ko.

PAUL: Oo na! (*Pupunasan ang noo ni ANA*) E, di ako na ang obssessive.

*Kukunin ni ANA ang panyo at pupunasan ang sariling noo.*

PAUL: (*Mapapakagat sa labi, akmang may kakapain sa bulsa may huhugutin*) Yon na nga e. Dapat siguro, babe.

*Biglang sasabat si ANA, hindi matatapos ni PAUL ang kanyang sasabihin.*

ANA: (*Igagalaw ang ulo, balikat, beywang at tuhod)* Ano pa ang naaalala mo sa lugar na 'to?

PAUL: Naalala mo ba kung anong araw ngayon?

ANA: (*Tuloy pa rin ang pag-eehersisyo*) Ako muna! Naalala mo ba ang lugar na ito?

PAUL: Ikaw ang tinatanong ko.

ANA: Ikaw muna ang sumagot.

PAUL: Oo naman. Malilimutan ko ba to? Ito 'yong lugar na binigyan mo ako ng flyers. First year tayo.

ANA: Syempre nakita kita mag-isa lang. Sabi ko, sino ba ‘tong nerd na ‘to na may braces na parang may sariling mundo. (*tatawa*)

PAUL: Na-love at first sight ka sa akin no’n!

ANA: Hindi. Ewan. Ang alam ko, kailangan ko lang ng maaakay doon sa rally sa Quezon Hall.

PAUL: At ako pa talaga nakita mo, ganoon?

ANA: Hanggang sa sinamahan mo ako.

PAUL: Syempre, hinila mo ako! Buti na lang hindi ako nahagip ng kamera ng ABS-CBN ‘no? Malilintikan talaga ako kay Mommy kapag nalaman niya.

ANA: Hanggang ngayon hindi niya alam?

PAUL: Wala siyang kaalam-alam.

ANA: Malamang hindi niya rin alam na…

PAUL: Na-vocal ka sa mga pinaglalaban mo? Na masyado kang maingay sa Facebook? Hindi ‘yon mahilig sa politika.

ANA: Parang ikaw.

PAUL: Ha?

ANA: Wala. Ano pa ang naalala mo sa lugar na ‘to?

PAUL: Ang kulit. Ikaw lang. Wala na. Hindi ko naman tinatandaan ang mga bagay-bagay unless mahalaga sa akin. Unless memorable.

*Katahimikan. Mag-iinhale-exhale si ANA.*

ANA: Dito mo rin nakilala noon si Kiko, si N at si Angel. At ang kapatid kong si Gwen. Nakalimutan mo na?

PAUL: Uy! Si Gwen! Tama! Kumusta na sila? Ang daldal ng kapatid mo no'n.

ANA: Babe, nawawala si Gwen.

*Mawawala ang ngiti sa mukha ni PAUL. Katahimikan. Babalik sa pagkakaupo si ANA sa bench.*

ANA: Kaya niyaya kitang tumakbo rito. Alam mo namang kapag nagkakaproblema ako. Gusto ko lang tumakbo. O gumalaw. Ayokong magmukmok sa kuwarto.

PAUL: Si Gwen? Nawawala? Kailan lang? Bakit?

*Ibabalik ni Paul sa kanyang bulsa ang hinugot niya kanina. Nakatanaw pa rin sa malayo si ANA.*

ANA: Ang totoo, dalawang araw na. Kahapon ko lang nalaman. Ang bigat.

PAUL: (*Haharapin si ANA*) Paano siya nawala?

ANA: Kilala mo naman ang kapatid ko.

PAUL: Hanggang ngayon ba Babe hindi pa rin siya tumitigil diyan sa kahibangan niya?

ANA: Kahibangan? (*Lilingunin si PAUL*)

PAUL: I mean, lagi niya na lang pinag-aalala ang pamilya niyo. Ikaw, si Tita.

ANA: Naririnig mo ba ang sarili mo?

PAUL: Babe. Come on. (*Hahawakan ang kamay ni ANA*) Alam mo namang magmula noon hanggang ngayon sakit ng ulo si Gwen. Kahit saan na lang pumupunta. Kung ano-ano ang sinasalihang grupo! Kung ano-ano ang kinasasangkutan.

ANA: (*Aalisin ang pagkakahawak ni PAUL sa kanyang kamay*) Estado ang nagpapatahimik sa kanya. Alam naman nating.......... matinding kalaban ang sistema. Lalo pa ngayon.

PAUL: Babe. (*Aakbayan si ANA*) Anong gusto mong gawin ko? Ipahanap ko sa Ninong kong pulis? O sa kilala kong sundalo? Tell me. Ayokong naistres ka nang ganyan.

ANA: (*Buntonghininga*) Ang sabi sa akin ng katrabaho ni Gwen, may nagmamanman daw talaga sa kaniya. Parang nirerekord ang bawat galaw at kilos niya.

PAUL: Bakit ba ngayon mo lang ito sinasabi? Sa araw pa talaga na ito.

ANA: Kasi di ba wala ka namang pakialam?

*Patlang.*

ANA: Bumalik siya sa Cebu noong isang linggo. Biglang nakatanggap ng tawag si Mama na wala pa rin siya sa apartment na tinutuluyan nila. Kasama ang boypren niya.

PAUL: Yong boypren niyang visual artist?

ANA: (*Tumango*) Oo. Si Roman.

PAUL: Yong pinakilala niya no'ng reunion?!

ANA: Mismo, aktibo rin sa mga peace talk sa Mindanao.

PAUL: Ikaw naman. Baka nga nagsama lang 'yong dalawa, (*tatapikin sa balikat si ANA*) o tumakas mula sa magulong mundo. Alam mo na. Hindi na rin bumabata si Gwen! Huwag kang negative Babe. Alam mo, matalino ang kapatid mo, alam niya ang tama.

ANA: (*Tiningnan si PAUL nang parang naiinis*) Parang gusto mong sabihing nakipagtanan ang kapatid ko.

PAUL: That's not what I mean. Possibilities! Lalaki at babae! Isa pa, saan ba papunta ang mga relasyon, e di sa kasalan! (*Mapapalunok ng laway*)

ANA: Aktibista si Gwen. Mainit siya sa mata ng mga militar. Sinusundan siya ng mga ito. Sigurado ako. Diyan lang naman sila magaling sa pambibintang!

PAUL: Puwede tayong humingi ng tulong kay Daddy. O sa mga kaibigan niya.

ANA: You are missing the point! Bakit kailangang busalan ang bibig ng mga kontra sa administrasyong ito? Gobyerno nga ang nagpapatahimik sa kapatid ko! Hindi pulis ang makakatulong sa kanya! Magwawalang bahala lang ang mga 'yan! Magkikibit-balikat. Tayo pa ang gagawing masama. Pustahan tayo! (*tatalikod sa lalaki*)

PAUL: Ang negatibo mo.

ANA: Bakit may nangyayari bang maganda sa bansang ito?

PAUL: Ayan ka na naman! Namimilosopo. Para kang Lola. Anong gusto mong sabihin ko? Lagi na lang akong mali. Pag dadamayan ka, hindi mo naman kailangan. Pag nagbibiro ako, hindi naman joke ang dating sa iyo. Saan ba ako lulugar? Ang hirap sa iyo, lagi kang nag-ooverthink!

ANA: What? (*Biglang magtataas ng boses*) Sino ba itong laging chat nang chat at text nang text at hindi mapalagay kapag hindi ako tumatawag?

PAUL: Kailangan mo pa talaga 'yang i-bring up ngayon?

ANA: Sinusundan ko lang ang sinasabi mong logic about overthinking. Iba ang nagiging kritikal at nag-aanalyze sa nagiging praning.

PAUL: Oo na. Mali ko na Babe. Look I'm sorry. Babawi ako. Saan mo gustong kumain? Sa UP Town? Sa Arts Café? O doon sa paborito nating kainan? Sa Area 2 tama? Naku!

Nandoon pa rin si Ate Wena! At 'yong mango shake niya. O tara sa Krus na Ligas! Mag-KTV? Kumain ng isaw? Ano?

ANA: Hindi ako gutom.

PAUL: Gutom ka! Alam ko! Food is life para sa iyo! Anong cravings natin for today's video, Analiza Batungbakal?

*Hindi sasagot si ANA. Mapapabuntonghininga si PAUL.*

ANA: Hindi mo alam kung saan kami nanggaggaling. Kung saan nanggagaling si Gwen.
Mahal ni Gwen ang bayan, kaya nangyari ito sa kanya.
Pinagtatanggol niya ang mga katutubo. Kasangga siya ng mga lumad sa bundok.

PAUL: Okay. Real talk ba 'to?

ANA: So akala mo joke time?

PAUL: (*Buntonghininga*) Naintindihan ko 'yan. Voice of the voiceless! (*pinipilit magsalita ng malumanay at kalmado*) Hanga ako kay Gwen. Pero di ba kasi Babe, ilang beses na rin siyang nakulong sa Cebu? Sa Bukidnon? Ilang beses na ba siyang tinutubos? Pinapyansahan. Ilang beses na ba siyang pinuntahan ng Mama mo sa kulungan? Muntik mo na ngang sundan siya sa Zamboanga dahil ilang araw nang hindi nagrereply sa mga text mo. Sana naman Babe, natakot na rin siya sa mga warning sa kanya. Ang dami nang lumaban para sa bayan, walang nagtagumpay! Kasi aminin man natin o hindi, gobyerno pa rin ang pinakamalakas sa bansang ito!

ANA: Hindi ako makapaniwala na sinasabi mo 'yan sa akin ngayon. Ang free tuition fee at iba pang natatamasa ng mamamayang Pilipino ngayon ay bunga ng pagkalampag ng taumbayan sa mga nasa kinauukulan. Alam mo 'yan Paul! Kasama kita noon sa laban!

*Tatahimik si Paul.*

ANA: Noon.

PAUL: Kasama mo pa rin ako ngayon.

ANA: Pero hindi sa lahat ng laban ko.

PAUL: An…

ANA: Totoo naman. Kahit magkatabi tayo pero hindi tayo magkasama. Minsan magkasabay tayo pero hindi tayo magkapareho ng gusto. O kung magkapareho tayo hindi pa rin tayo magkaunawaan. Parang mga salita na hindi nagtutugma.

PAUL: Ayan na naman. Para ka na namang tumutula o nagsospoken word.

ANA: Hindi ako nagbibiro.

PAUL: Ako rin. We need to grow up Ana. Sometimes, writing isn't everything. Art isn't everything. Kailangan natin kumita. May mga babayarin. Yong kotse ko kailangan ng pang-maintenance. Mahal ang gasolina. Ang bigas 57 pesos ang kilo. Paano 'yong future natin? Di ba nga may hinuhulugan tayong bahay. Aanhin ko ang prinsipyo ko kung gutom ako?

ANA: Kaya ka nagshift. At alam ko, palagay mo unnecessary shit itong mga sinasabi ko!

PAUL: Hanggang ngayon ba big deal pa rin sa iyo na nagshift ako?

ANA: Hindi naman. Nagsasabi lang ako ng totoo diba. Na walang pera sa pagsusulat kaya lumipat ka ng kurso. Wala namang masama roon. Kaya nga hindi kita pinigilan e! Unless guilty ka.

PAUL: Guilty saan?

ANA: Na inuna mo ang praktikalidad kaysa passion mo!

PAUL: That was a long time ago.

ANA: Lakas lang siguro talaga maka-throwback ng sunken garden.

PAUL: Kaya rin ako nandito para...

*Muling kakapain ni PAUL ang kahon ng singsing sa kanyang bulsa ngunit hindi niya itutuloy dahil muling sasabat si ANA.*

ANA: Masaya ka pa ba?

PAUL: Well, so far, the last time I checked, I am happy. Ikaw ba, masaya pa ba?

ANA: Paano mo nasabing masaya ka?

PAUL: Tinatanong ba 'yan? (*Tatawa*)

ANA: Paano mo nasabing masaya ka?

*Katahimikan.*

PAUL: Ang hirap talaga sa mga writer e laging ginagawang komplikado at kompleks ang mga bagay-bagay. Walang teorya o paliwanag Ana. Masaya ako. Yon na yon!

ANA: Ako, kaya kong ipaliwanag. Masaya ako dati. Dito sa sunken noon. Sinasamahan mo ako sa rally. Sa paggawa ng placard. Sa pagvavandal. Sa pagsigaw ng makibaka! Huwag matakot!

PAUL: Masaya nga 'yon dahil maraming tao at hindi tayo pumapasok sa mga klase. Naiiwasan natin ang mga terror nating propesor! Masaya dahil may tugtugan at ang ingay ng paligid! Parang pista! Syempre masaya ako kasi nakikita kita.

ANA: Yon na nga e. mismo! Ako lang ang nakikita mo. Pero 'yong natatanaw ko, natatanaw mo rin ba? Yong vision at mission ko?

PAUL: Alam ko.

ANA: Alam mo pero hindi mo tanggap. O alam mo pero wala kang pakialam.

PAUL: Diyos ko. Away na naman 'to. Napaka-wrong timing naman oh!

ANA: Tapos alam mo, doon kita minahal, Paul.
(*Tititigan si PAUL*)

*Patlang.*

ANA: Minahal ko 'yong bersyon mo na matapang, na mulat, na hindi sunod lang nang sunod sa sasabihin ng iba. Minahal kita kasi pareho tayo ng ipinaglalaban, ng isinisigaw, ng tinitingnan.

PAUL: Pero alam mo, nakakatakot 'yon Ana. Sabi ko sa sarili ko, sino ba tong babaeng itong ang lakas ng loob kalabanin ang Malakanyang? Sabi ko dati parang sira ka e o baliw.

ANA: O hibang. Kahibangan ang tawag mo sa ginagawa ni Gwen. Diba? Bakit mo ako minahal?

PAUL: Teka. Naglilihi ka ba? May dalaw ka ba ngayon? Okay ka lang ba? Masakit bang ngipin mo? Hormonal imbalances? Imposibleng nagmemenopos ka na! Bakit ba ang emo mo ngayon?

ANA: Sagutin mo na lang kasi.

PAUL: Okay. Kasi kilala mo ang sarili mo. Bukod sa dimples mo. Bukod sa yakap mo. Mahal kita, 'yon na 'yon!

ANA: Ngayon ba, mahal mo pa rin ako?

PAUL: Ano ba namang klaseng tanong yan! Ang drama mo! Ganyan kapag writer, laging sad girl. Alam mo ba kung anong araw ngayon?

ANA: Hindi mo ako mahal Paul sa mga panahong nakahawak ako ng placard at sumisigaw ako sa kahabaan ng kalsada. Sa tuwing kinakausap ko ang mga tsuper sa jeep, sa tuwing pumupunta ako sa mga lumad schools o sa tuwing nagtutweet ako tungkol sa mga bagay na kritikal para sa iyo. Hindi mo mahal ang lahat ng katotohanan tungkol sa akin.

PAUL: Ilang taon na tayo… (*mapapa-buntonghinininga*) tapos ngayon mo lang yan sinabi sa akin.

ANA: Alam mo ngayon tinatanong ko kung mahal pa rin ba kita. Ngayon.

*Patlang. Katahimikan.*

ANA: Come to think of it, ang daming nangyari sa lugar na ito. Dito kita unang nakita. Dito ako unang humawak ng plakard. Dito lagi ang meeting place namin nina Angel. Madalas doon sa tambayan. Dito ako namulat. Hindi sa mga klasrum. Dito ko naramdaman ang mga kaluluwa ng mga aktibistang pinatay at pinaglalamayan hanggang ngayon. Ang dami na nilang namatay para sa bayan Paul.

PAUL: Kaya ka lumalaban hanggang kamatayan?

ANA: Dahil ganoon naman talaga dapat. Pinagluluksa ang inhustisya! Ipinaghihimagsik! Inilalaban!

PAUL: Paano naman ‘yong mga sumuko na Ana? Paano kaming sumuko na?

*Titingnan ni PAUL si ANA.*

PAUL: Tulad ka ng sunken garden na ito. Hindi ka pa rin nagbabago.

ANA: Hindi nagbabago dahil wala pa ring nababago.

PAUL: Hanggang kailan ka lalaban?

ANA: Hanggang magkaroon ng pagkapantay-pantay sa lipunan!

PAUL: Ana, listen. There is no absolute freedom and equality. It's the truth. Kahit 'yong mga minamasang tinapay sa bakery, hindi 'yon pare-pareho ng hugis o laki o lasa! Hindi nga tayo magiging equal lahat kasi ganoon talaga ang buhay! May hierarkiya!

ANA: Walang masama sa pagkilala at pagpapahalaga sa mga karapatan ng masa.

PAUL: (*Buntonghininga*) Yong kilala ng kilala ko dating nasa kilusan. Alam mo ba ang ginawa nila? Tinutugis siya ng militar, nag-asawa siya sa kilusan, naisip niya na hindi puwedeng habambuhay siyang natatago, nagpakasal siya, nagbalik loob, naging normal ang buhay niya para sa mga anak niya. Mauunawaan mo rin yan kapag may pamilya ka na! Mas iniisip mo sila. Mas gusto mo silang protektahan, alagaan. Tulad no'ng pelikulang Avatar way of water? Di ba? Hindi nila kayang isalba ang buong village, ang kaya lang ni Jake ay isalba ang pamilya niya!

ANA: Mali ka. Iniligtas ni Jake ang buong komunidad at mas maraming tao, kaya umalis sila. Kaya nagsakripisyo sila. Para 'yon sa bayan. Para 'yon sa mga kalahi nila. Kung napanood mo nang mabuti ang pelikula, tungkol 'yon sa pagpapasya for the common good! For general welfare! Sometimes Paul you just need to take a stand!

PAUL: Sa tingin mo may panahon pa akong magkritik ng pelikula? Kaya nga diba nagshift ako ng kurso. Ayoko ng masyadong romantisista o sentimental. In the very first place nanood tayo ng sine para maentertain, para magdate! Masyado nang toxic ang mundo, may oras pa ba akong magkritik ng pelikula kung ganito kakomplikado ang buhay ng tao? Nandoon tayo para magbonding dahil napakabusy ng sched natin!

ANA: Ang sinasabi ko lang naman, may mga agenda din ang mga pelikula, advocacy, ideology.

PAUL: Hanggang saan ka dadalhin ng ideolohiyang 'yan? Pula ang kulay ng dugo Ana. Ayaw natin ng dahas. Ayaw nating umabot sa puntong humawak ng armalayt si Gwen.

ANA: Pula rin ang kulay ng pag-ibig.

PAUL: Anong klaseng pag-ibig ba ang kailangan ng bansang ito? Pag-ibig na kailangang laging sumigaw? Laging pumapalag? Laging nagrereklamo?

ANA: Dahil radikal ang magmahal!

PAUL: May hangganan. Lalo na kung mapanganib.

ANA: Kung mahal mo hindi ka matatakot masaktan.

PAUL: Hindi sa lahat ng panahon Ana. Lalo na kung ikapapahamak ni Gwen.

ANA: Hindi NPA si Gwen, aktibista siya!
(*nagtaas na rin ng boses*)

PAUL: Hindi ko sinasabing NPA si Gwen. And that's my point! Aktibista o hindi, pareho lang na nareredtag. Direktor, titser, propesor, abogado! Kahit si Angel Locsin at Liza Soberano! Walang hindi kayang gawin ang mga Marcos. Ang mga Duterte. You know who and how, and when.

ANA: Anong gusto mong gawin ko? Hayaan si Gwen?

PAUL: I'm just afraid. Natatakot ako para sa iyo (*muling hinawakan ang kamay ni ANA.*) Ang sinasabi ko, baka naman mapagsabihan mo siya na dahan-dahan lang. Seguridad pa rin naman niya ang mahalaga rito (*malumanay at malambing na boses.*)

ANA: Kahit magbasa ka ng konstitusyon, alam mong hindi mali ang magpahayag ng damdamin o ng opinion! Freedom of expression yon! At hindi dapat naninindak ang estado kung hindi siya natatakot sa katotohanan. Bakit ako matatakot kung wala akong ginagawang masama?

PAUL: Ang dami nang namatay at namatayan dahil sa pakikipaglaban para sa mga karapatan ng bawat mamamayan!

ANA: Exactly! Ang layo na ng narating ng mga samahan at organisasyong nagtataguyod ng karapatang pantao. Ngayon pa ba kami susuko? Isa pa, sa mga anti-activist na 'yan, sino ang lalabas para makipaglaban para sa mga karapatan nila? E hindi nga sila lumalabas sa kuwarto nila dahil mainit o umuulan! Nasa komportableng bahay sila, may malambot na kama, may heater, may sariling sasakyan, may mga yaya!

PAUL: Tapos mapupunta na naman ito sa akin, na privilege ako. Tama? Na parang kasalanan ko dahil doctor ang Tatay ko?

*Patlang. Katahimikan.*

ANA: Ikaw ang nagsabi niyan hindi ako. Sabi nga sa kasabihan "when we're not hungry for justice, it's usually because we're too full with privilege."

PAUL: I got your point. But no to the point na nilalason nila ang isip ng kabataan o manununog na sila ng bahay para pansinin ng gobyerno. O hahalughugin nila ang kabahayan para humingi ng bigas, kape at mga de-lata!

ANA: Sila ang inaagrabyado ng gobyerno, pinapatay ang mga magsasaka, pinapasara ang mga paaralan para sa mga lumad. Sila ang pinapatay. Ang estado lang ang makakagawa no'n.

PAUL: Okay. Ang estado! Walang hiyang estado na 'yan, kaya nag-aaway tayo ngayon sa harap ng sunken garden kung saan tayo unang nagkita, sa araw pa na ito. Fuck that state! (*pinipilit matawa*) Oo naman, lahat sila, karamihan sa kanila, inosente, pinatay, pinaratangan kahit walang kasalanan. Ganoon lagi ang naratibo. Hindi ka ba natatakot para sa kapatid mo? Uunahin mo pa ba ang bayan kaysa sa iyong sarili?

ANA: Hindi ako natatakot para kay Gwen. Proud ako sa kanya at sa mga gagawin niya.

PAUL: Are you aware na diyan nagsisimula ang lahat? Sooner or later baka may magrecruit na kay Gwen na sumali sa kilusan. At basbasan siya ng ibang pangalan. At ayon, hahawak na rin siya ng baril kalaunan.

ANA: That's stereoptyping, Paul. And this is so unfair! Sa lahat ng tao, sa iyo ko pa maririnig yan? (*tatayo*) Bakit? Kilala mo ba si Gwen? Tuwing pasko mo lang siya nakakasama. Sa tuwing dinadala kita sa bahay. Hindi mo siya kilala, huwag mo siyang husgahan. Hindi mo kapatid ang kapatid ko! At bakit? No'ng sumama ka ba sa mga rally sinabi ko bang humawak ka ng baril? Na lumaban ka gamit ang dahas?

PAUL: Hindi. Pero baka papunta na rin doon.

ANA: Red tagging 'yan! Anong tingin mo sa akin, terorista?

PAUL: Hindi ko 'yan sinabi. Okay. I get it, it's my fault. Look I am sorry. Kasalanan ko ulit. Hindi na mauulit.

ANA: Noooo! Nagsosorry ka ba dahil kasalanan mo o nagsosorry ka para walang away? Para walang diskurso? Magkaiba 'yon.

PAUL: Don't make this so hard for me. Huwag na natin itong palakihin. Magiging okay din ang lahat.

ANA: Palakihin? Bakit? may mga bagay ba na dapat maliitin lang? Simplehan? Hindi ganoon ka simple Paul. Hindi dahil mahal mo ako o mahal kita okay na ang lahat!

PAUL: I'm… I'm sorry.

ANA: Alam mo ba kung ilang beses ka nang nagsosorry. Don't be sorry. (*matatawa*) Mali ko rin naman e. Kasalanan ko rin. Maliliit na bagay lang ito, maliliit na detalye na hindi ko na napansin dati. Kasi nga di ba "huwag palikihin". Mga Red flags. Ngayon ko lang din naalala, na hindi tayo

pareho ng ipinaglalaban. Kahit nga taste sa pagkain, sa damit, sa libro, sa pelikula. We are so different. Masyado kang privilege. Hindi ko nga alam kung bakit mo ako nagustuhan. O bakit kita nagustuhan e. Come to think of it, langit ka, lupa ako, kaya mo ngang bayaran ‘yong ginastos ng magulang ko magmula noong college ako e. Sa isang pitik mo lang, nandiyan na ang lahat para sa iyo.

PAUL: Bakit, ako lang ba ang may mali at pagkukulang? Wala ka ngang oras sa akin dahil lagi kang nasa paaralan! Kahit Sabado! Nagpapakamatay ka para sa mga lesson plan mo! Para sa Brigada Eskwela, QMS, PTA Meeting, Phil IRI at iba pa! Ni hindi mo na nga maalagaan ang sarili mo at ang relasyon na ito. Lagi na lang ako, ako ako! Ako ang kailangang laging mauna at mag-initiate! Magtanong kung kumain ka na ba at magsabi ng good night! Ako! May mga panahon nga e na pakiramdam ko ako na lang ang nagmamahal at lumalaban para sa relasyong ito! You are emotionally lazy! Kasi di ba, para sa bayan! Para sa bayan ang gerlpren ko! Paano naman ako Ana? Hindi ba ako bahagi ng pinaglalaban mo!

ANA: Para sa iyo ‘to.

PAUL: Hindi nakita maramdaman. Minsan. Hindi. Madalas.

ANA: (*Haharap kay Paul*) Hindi lang naman ako ang namomroblema sa relasyong ito e. Isa pa, wala naman akong hinihingi sa iyo. Minsan nga pakiramdam ko kapag gusto mo dapat gusto ko rin. Sino bang nagsabi na bilhan mo ako ng sapatos, ng damit? Wala akong sinasabi! Pakiramdam ko kinakahiya mo ako sa mga barkada mo, binibihisan mo ako na parang manyika mo, pinapabanguhan para maging presentable sa mata ng iba! Para lang may makasama ka! Para lang sabihin na hindi ka nag-iisa! Para lang ipakita na masaya ka!

PAUL: Bakit? Diba kailangan mo rin naman ako? Kailangan mo rin ng makakasama sa mga bookfair, spoken word event, poetry reading na sinasalihan, mga author talk ng mga

kaibigan mong manunulat at kung ano-ano pang book launching. Ginagawa ko 'yon dahil gusto ko maging masaya ka!

ANA: Ginagawa mo 'yon kasi responsable ka at nagpapakaresponsable ka all the time na para bang obligasyon mo ito lahat.

PAUL: Akala ko masaya ka kapag masaya ako. Akala ko masaya tayo!

ANA: Akala ko rin.

*Patlang.*

PAUL: Alam ko naman kung bakit ka ganyan e. Nagsimula ito nong eleksiyon tama? Noong hindi ako sumama sa iyo sa isang rally. Nadagdagan ito no'ng hindi ko ipinangangampanya sa social media ang kandidato mo. Come on Ana. Mas mahalaga ba sa iyo ang mga politiko? Diyos ba sila? Hindi sila Diyos. Magpapatuloy tayo kahit sino pa man ang mailuklok sa taas. At kahit sino pang Poncio Pilato ang mahalal, tayo pa rin ang makakatulong sa sarili natin. Tayo pa rin!

*Matitigilan si ANA.*

PAUL: Muntik mo na ngang awayin si Papa e. Nagpaparinig ka na rin sa FB. Kahit mga kaibigan natin pinapatulan mo na rin. Nagiging makitid ka! Can't you see?

ANA: Ako pa ngayon ang bulag? Ako pa ang makitid?

PAUL: Kailangan ko bang mahalin ang lahat ng mahal mo Ana dahil mahal kita? Kailangan ko rin bang ipaglaban ang mga ipinaglalaban mo kahit labag na sa kalooban ko?

ANA: So ayon, after 6 years, sinabi mo na rin! Narinig ko na sa wakas!

PAUL: Na?

ANA: Na napilitan ka lang! Na hindi ka naman talaga naniniwala sa pinaniniwalaan ko! Naramdaman ko na ‘to e. Noon. Dati pa. Pero naniwala pa rin ako e. Na baka balang araw, mauunawaan mo rin ang lahat. Ako, si Gwen. Ang mga kaibigan ko. Mula noon, hanggang ngayon, para ka pa ring ‘yong batang Paul na hindi alam kung saan titindig. Always playing safe!

PAUL: Look. May mga panahon na kailangan mo rin balansehen ang mga bagay Ana. Kapag masyado kang bias, iisang side lang ang nakikita mo. Nakakabulag din ang labis na liwanag.

ANA: Kaya ka neutral?

PAUL: Nagbabago lang ang tao. Ang mundo. Five years tayong nakipamuhay sa totoong lipunan Ana. Nag-iiba ang mga prioridad natin. Nauunawaan natin na kailangan nating piliin ang mga laban natin. And I just don’t get it! Taon-taon nagsisindi ka ng kandila sa araw na nawala ang mga kaibigan mo. Para sa mga Desaparecidos. Ikaw naman, desperado! Kasi hanggang ngayon nagluluksa ka pa rin para sa taong hindi na babalik sa buhay mo! Paano ka nga ba makakamove on? E hanggang ngayon nakakulong ka pa rin sa nakaraan mo!

ANA: Dahil nasa paglingon sa nakaraan ang katotohanan ng hinaharap!

PAUL: Nasa pagharap sa kung ano ang ngayon, iyon ang pinakamahalaga!

ANA: Sino ba ang mahalaga sa iyo?

PAUL: I-ikaw. Tayo.

ANA: Hindi ako. Ang trabaho mo! Ang pera mo!

PAUL: Hindi totoo ‘yan.

ANA: Yan ang totoo. Ang self-worth mo ay nakasalalay sa kung anong meron ka. Iniwan mo ang Malikhaing Pagsulat

para sundin ang parents mo. Para kumita. Para mas yumaman pa. Kinalimutan mo ang lahat. Nagpapanggap ka na hindi ka apektado, na wala kang pakialam. Nagpapatuloy ka na parang okay lang ang lahat. Kasi hindi naman ikaw 'yong nahihirapan. Hindi ikaw 'yong naabuso. Hindi naman bumababa ang networth income mo kaya okay lang magpaka-neutral.

PAUL: (*Tatayo*) Alam mo, kung saan-saan lang napupunta ang pag-uusap na ito e. Alam ko naman na tungkol lang ito kay Gwen diba? Sige! Tumakbo ka nang tumakbo kahit hanggang maghapon! Gawin mo ngayong araw! Libutin mo itong buong UP Diliman! Habang nandito tayo! Sumigaw ka! Kumain ka nang kumain o matulog ka ng ilang oras. Umabsent ka sa trabaho. Hanapin natin siya. Piyansahan! Tama? Solusyon lang naman ang kailangan sa problema na 'yan e!

ANA: You always have your elitista way of solving problems.

PAUL: Look, Babe. (*Hahawakan ulit ang kamay ni ANA*) Alam mo ba kung anong araw ngayon?

*Matitigilan si Ana. Aamuhin siya ni Paul.*

PAUL: It's our anniversary.

ANA: Hindi ko na kaya.

PAUL: Mahal kita.

ANA: Kung mahal mo ako, hindi mo ako ireredtag o si Gwen.

PAUL: Kailan kita ni red-tag?

ANA: Ngayon, kasasabi mo lang.

PAUL: What?

ANA: Hindi mo ko mahal Paul. Paano mo nasabing mahal mo ako? E hindi mo nga ako kilala! Hindi mo ako tanggap. Hindi mo nakikita ang loob ko, ang tunay na ako!

PAUL: Mahal kita.

ANA: Kung mahal mo ako, hindi puwedeng ako lang, hindi puwedeng tayo lang! Ang daming tao sa labas ng ating sarili! (*muling tumalikod*)

PAUL: (*napayuko*) Hindi ba puwedeng mas mahal kita kaysa sa Pilipinas? Hindi ba puwedeng ang gusto ko lang makasama ka habambuhay? Umalis tayo rito. Mag-abroad tayo. Mag-aaplay ako sa Canada. Puwede ka pa ring magsulat! Susuportahan kita! Gusto mo bang magself-published sa Pilipinas habang nandoon? Puwedeng-puwede! Iwan mo na ang public school. Gusto mo ba magturo ka na lang din doon? Kasama mo ako. Iwan natin ang lahat.

*Matatahimik si ANA.*

ANA: Iwan ang lahat? Para sa iyo?

*Akmang ilalabas na ni Paul ang singsing upang alukin si ANA ng kasal ngunit hindi ito matutuloy dahil biglang magriring ang selpon ni ANA. Maririnig si GWEN sa kabilang linya.*

ANA: (*kinuha ang selpon, napalunok ng laway bago sinagot*) Hello? Sino 'to?

GWEN: Ate, si Gwen 'to.

ANA: Gwen?! Gwen! Diyos ko! Kumusta na? *Asa naman kang bataa ka!?* (*nabuhayan nang loob, tatalikod kay PAUL*)

GWEN: Nakauwi na ako. Sorry kung nag-aalala kayo. Inabangan kami ng mga militar sa piyer. Nakorner kami at ikinulong ako ng mga militar, kasama si Roman. Pinaratangan nila kami ng kung ano-ano, pero nakalaya rin naman. Wala silang mahahanap na gusot sa amin.

*Napatingin si ANA kay PAUL na noon ay nakikinig pa rin sa kanya.*

ANA: Anong nangyari? Sinaktan ka ba nila? Mga hayop sila!

GWEN: Ate, relax! Relax! Kalma! Hindi naman nila ako sinaktan. Pero inimbistigahan ulit kami. Mahabang kuwento. Pero pinalaya din kami ng mga militar. Wala silang kasong maaaring isampa sa amin. Ang mga gunggong. May due process tayong tinatawag di ba? May rule of law. Ang daming tumulong na mga activist group at human rights advocate. Tuloy pa rin ang laban!

ANA: Gwen, nag-aalala si Mamang at Papang sa iyo. Tumawag ka sa bahay.

GWEN: Ate, *humana*, tapos na. No'ng marinig ni Mamang na ayos na ako ay nakahinga siya nang maluwag. Nakausap ko na si Papang. Bumuti na rin ang lagay niya. Naiintindihan nila ako. At alam kong, naiintindihan mo ako. Di ba?

ANA: Gwen, umuwi ka na, hinihintay ka na namin.

GWEN: Oo na 'te! *Amping*, *ha*. Kapag natapos na ang lahat, kita tayo.

ANA: Saan?

GWEN: Sa sunken garden? (*tatawa*) Magmemeet kami ulit ni Angel at ni N.

ANA: (*ngingiti*) sige ba, takbo tayo.

GWEN: May problema ka ba? Tumatakbo ka lang kapag may problema ka.

ANA: Wala. Baliw. Sige na. Amping ha! Bye.

*Muling pinindot ni ANA ang selpon. Nagring ito.*

ANA: Mang? Pang? Okay ra si Gwen. Nanawag na siya sa akoa. Nakagawas na siya. Pero ikaso pa daw. Ayaw mog kabalaka. Dili nako siya pasagdahan. Oo. Okay ra ko. Mouli ko dinha puhon. Ayo-ayo mo!

*Agad na binaba ang selpon. Titingnan si Paul. Lalapitan ni Paul si Ana.*

PAUL Kumusta si Gwen?

ANA: Ayos lang si Gwen.

PAUL: Ang Mama at Papa mo?

ANA: Ayos naman. (*Tatayo*)

PAUL: Ann.

ANA: Hindi mo kailangang magsalita.

*Akmang aalis si ANA. Pinigilan siya ni PAUL.*

PAUL: Hindi na tayo puwedeng tumakbo. Huwag mo akong takbuhan.

ANA: May mga bagay na hindi para sa atin Paul, kahit mahal natin. Sapat na ang araw na'to.
(*Tatanawin ang sunken garden*)

PAUL: Five years Ana! Limang taon! Anim na taon! Mahabang panahon!

ANA: Matagal na tayong naghiwalay Paul. Hindi lang natin namamalayan. Dahan-dahan 'yong nangyari.

PAUL: Alam kong naguguluhan ka lang. Nabibigla ka lang! Ano ba naman Analiza! Hindi ito pelikula. Hindi ka basta-basta nagtatapon lang ng pinagsamahan natin! Bahagi ba 'yan ng iskrip mo? Hindi ito performance! Hindi ako likhang-isip! Lumabas ka naman diyan sa mundo mo!

ANA: Alam mo Paul, wala akong ibang maalalang pinagdaanan nating dalawa. Maliban dito. Sa sunken garden na ito. Dito kita unang nakita. Dito rin ako unang lumaban. Magkahawak tayo ng kamay. Pero hindi na ikaw ang lalaking minahal ko noon.

*Kukunin ni Ana ang kanyang tumbler at towel.*

ANA: Dito tayo nagsimula. Dito na rin natin ito tapusin. Tutal, ako naman talaga ang nag-recruit sa iyo dati e. (*tatawa*)

*Tatahimik si PAUL. Uupo ulit. Mapapakamot sa ulo. Titingin siya sa malayo. Uupo rin si ANA.*

PAUL: Magkikita pa ba tayo?

ANA: Kapag bente per kilo na ang bigas! (*tatawa*)

PAUL: Hindi ka pa rin nagbabago! Gusto mo pa ring baguhin ang mundo.

ANA: Kasi wala pa ring nagbago.

PAUL: Puwede bang irekrut mo na lang ako ulit sa puso mo?

ANA: Baliw! Yong mga pangarap mo, pangarap mo iyon. Puwede kang magsimula ulit ng bagong buhay sa ibang bansa. Huwag na dito. Umalis ka na. Masyadong masakit mahalin ang bayan. Mag-asawa ka ng Canadian o Australian. Mabuhay ka sa paraang gusto mo. (*ngingiti at maluluha*)

*Muling tatayo si ANA. Tatakbo siya. Maiiwan saglit si PAUL sa sunken garden. Tititigan niya ang sunken garden. Ilalabas niya ang kahon at titingnan ang singsing. Lilingunin niya ang direksiyon ni ANA. Hahabulin niya ito.*

MAGSASARA ANG TABING

**ENTABLADO AT ALAALA SA PANAHON NG RED TAGGING**

Ang entablado ay pook ng pag-alala, isang okasyon kung saan ay itinatanghal ng mga Pilipino ang kanyang nakaraan, kasalukuyan at ang kanyang hinaharap pati ang kanyang ipinaglalaban. Magmula noon, ang lansangan, bakuran at tahanan ay tanghalan. Mula sa dula-dulaan, hanggang sa anyo ng moro-moro, sinakulo, duplo hanggang sa naimpluwensiyahan ng bodabil at naging sarsuwela at dulang may musika, ang pagtatanghal ay panggagagad ng realidad, pagsisiwalat din ng katotohanan, at pagbabahagi ng alaala o mithiin ng komunidad kahit pa ito ay nagtataglay ng iba't ibang tono at gumagamit ng iba't ibang wika.

Paano nalikha ang proyektong ito? Sabihin na lamang natin na tama si Shakespear, ang mundo ay isang malaking entablado, isang tanghalan, at kay dami nang nangyari na hindi puwedeng kalimutan, mga nangyayari na kailangang tandaan at mga pangyayari na kailangang bantayan, nakabukas man ang tabing o hindi, patay man ang ilaw, wala mang mga manonood, o kahit takot man sila magsalita o umiyak o makisimpatya sa mga tauhang pinakulong at pinahuli at pinaratangan. Isinulat ko ito upang tiyaking kahit wala na ang tanghalan, ang mga libro ang magsisilbing entablado ng mga katotohanang aking isinasalaysay, ang tekstong ito naman ang magsisilbing sisidlan ng alaala ng mga kaganapan, mabuti man o hindi, masaya man o malungkot, mapait man o matamis ang ikinikintal na gunita.

Kung ang Pilipinas ay isang malaking entablado, ito ay tanghalang malawak at sari-sari. Marahil makikita rito ang ibang gawain ng bawat Pilipino araw-araw. Baka naririyan ang mga magsasaka sa kabilang dulo at mangingisda naman sa kabila, parehong naghahanapbuhay. Baka sa gitna mapapansin ang mga kabataang nagtitiktok o mga batang abala sa pag-oonline selling.  O mga drayber ng jeep at komyuter. Sa sulok ay masisilip ang isang lalaking gutay-gutay ang damit na natutulog sa higaang karton. Lahat sila iba-iba ang iniisip. Lahat sila may sariling mundo. Sa kabilang banda, kung ang lipunang Pilipino ay isang malaking tanghalan marahil ito ay kulay-pula, duguan, madilim, maalingasaw, marumi, nakakasuka. Isang entabladong brutal, isang entabladong tinitingnan lang natin mula sa malayo dahil natatakot tayong makisangkot o makialam, natatakot tayong ma-red tag.

Kung ang mundo ay isang stage, alam nating hindi lang tayo ang direktor, tayo rin ang karakter, ang tagpuan, ang tunggalian, ang kuwento, ang mga eksena ng ating buhay. Ang mga kaibigan, kaaway, pulis, ina, babae,

lalaki, lahat sila ay bahagi ng storyline, bahagi ng synopsis, ng kabuoan at ng pira-piraso. Baka dito nga nagmula ang konsepto, na ang lipunan ay tila isang entabladong may mga puppet na gumagalaw, mga taong sumusunod sa direktor, mga artista may iskrip man o wala. Ngunit madalas may iskrip ang iba upang lumitaw na iisa ang naratibo. Hanggang sa umabot ako sa punto ng paghahaka: baka nga tayo ay gumagalaw na lamang dahil dikta ng panahon? O baka nga dikta ng estado. O dikta ng gutom? O dikta ng pangangailangan?

Layunin ng malikhaing akda na ito na isalaysay ang totoong nangyayari sa lipunang Pilipino- ang patuloy na pangrered-tag sa mga activists at social worker sa bansa, kaakibat na ang lahat ng komplikasyon at kontradiksyon sa mga panlipunang relasyon ng mga tao sa komunidad na kanyang ginagalawan at kung paano siya patuloy na lumalaban para sa kanyang kalayaan at karapatan. Ito ang mga karakter na nagpupumiglas. Ito ang mga tauhang ayaw maging tau-tauhan o laruan sa dula-dulaan.

Ang akdang ito, sa anyo ng dulang may isang yugto ay nagpapakita rin ng isang mukha ng pag-ibig na nahaharap sa matinding pagsubok. May pag ibig pa ba? Gaano ito katotoo? Kaya nga bang tulayan ng pag-ibig ang pagkakaiba ng paniniwala? Paano ba magmahal sa isang bansang bagsak ang ekonomiya at kaydaming krimen? May panahon pa ba upang hanapin ang kaligayahan kung napakahirap din nitong matagpuan tulad ng katotohanan at katarungan? Kaya nga bang lagpasan ng dalawang nagmamahalan ang lahat ng hamon ng panahon kung hinahadlangan ito ng magkaibang ideolohiya at pakikibaka? Matutuloy pa kaya ang kasal? Ito lamang ang iilan sa mga tanong na inihaharap ng awtor sa anyo ng diyalogo ng mga tauhang akala ay mahal ang isa’t isa. Nagsimula ito sa katotohanang gusto kong magsulat ng dula bilang pagtatangka, at natapos ito sa katotohanang kagustuhan ko ring itanghal ito sa isip ng mga mamamayan.

Ang totoo, natakot din ako habang sinusulat ito. Natakot din akong gamitin ang salitang red flag at red tag, natatakot din akong magkuwento ng isang pelikula o tagpo, natakot din akong maging totoo, natatakot akong mared tag din tulad ni Gwen na isa sa mga tauhan sa dulang ito. Ngunit tao ako, tao ako na kailangan ding maging totoong tao sa entabladong hindi ako ang may likha kundi ang iba’t ibang puwersang panlipunan. Tao akong lalabas sa kahon, sa entablado, sa palabas na ito, tulad ng mga Ana, ng mga Paul at ng mga Gwen sa dako pa rito ng mundo.